# Tulong sa Pagbabayad ng Iyong Singil

Nag-aalok ang Stanford Medicine Children's Health ng Pinansyal na Tulong sa mga pinansyal na kwalipikadong pasyente.

## Paano Mag-apply

Maaari kang mag-apply para sa Pinansyal na Tulong gamit ang form ng aplikasyon na makukuha sa mga sumusunod na lokasyon:

- Patient Admitting Department sa Lucile Packard Children's Hospital, na matatagpuan sa 725 Welch Rd, Suite G26, Palo Alto, California 94304
- Online sa sumusunod na website:
  - https://www.stanfordchildrens.org/content-public/pdf/finance-assistance/financial-assistance-application.pdf
- Sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-308-3285 at paghiling ng aplikasyon sa pinansyal na tulong mula sa mga kinatawan ng Stanford Medicine Children's Health

Maaari ka ring magsumite ng aplikasyon sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa isang kinatawan mula sa departamento ng mga pinansyal na serbisyo para sa pasyente, na tutulong sa iyo sa pagkumpleto ng aplikasyon.

## Programa ukol sa Reklamo sa Singil ng Ospital

Kung naniniwala kang nagkamali kang tinanggihan ng pinansyal na tulong, maaari kang maghain ng reklamo sa Programa ukol sa Reklamo sa Singil ng Ospital ng Estado ng California. Pumunta sa HospitalBillComplaintProgram.hcai.ca.gov para sa higit pang impormasyon at para maghain ng reklamo.

## Higit Pang Tulong

May mga organisasyon sa pagtataguyod para sa mamimili na tutulungan kang maunawaan ang proseso ng pagsingil at pagbabayad. Maaari mong

tawagan ang Alyansa ng Mamimili sa Kalusugan (Health Consumer Alliance) sa 888-804-3536 o puntahan ang https://healthconsumer.org para sa higit pang impormasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Pinansyal na Serbisyo para sa Pasyente (Patient Financial Services) para sa higit pang impormasyon.

**Tulong para sa Mga Pasyenteng May Mga Kapansanan**

Mangyaring makipag-ugnayan sa departamento ng Mga Pinansyal na Serbisyo para sa Pasyente sa 1-800-308-3285 kung nais mong makakuha ng kopya ng abisong ito sa naa-access na format, kasama ang, pero hindi limitado sa nakalimbag sa malalaking titik, audio, o iba pang naa-access na elektronikong format.